

# Kodigo ng mga Etika



## Kodigo ng mga Etika

**Translated by Nannette P. Gadsden and Sarah G. Novak**

**Tagalog Linguists, Federal Bureau of Investigation**

(Pinagtibay sa taunang pagpupulong ng ILTA na ginanap sa Vancouver, Marso 2000)

Ito, ang unang Kodigo ng mga Etika na inihanda ng International Language Testing Association (ILTA), ay hanay ng mga prinsipyo na kumukuha sa moral na pilosopiya at magsisilbing gabayan ang maayos na paguugaling propesyonal. Ito ay hindi isang batas o isang regulasyon at hindi ito nagbibigay ng mga patnubay sa pagsasanay, ngunit ito ay inilaan upang mag-alok ng isang pamantayan sa kasiya-siyang etikal na pag-uugali ng lahat ng mga tagasubok ng wika. Kaugnay ito ng magkahiwalay na Kodigo sa Pagsasanay (2007). Ang Kodigo ng mga Etika ay batay sa isang magkahalong mga prinsipyo ng pagiging mapagbigay, walang panggagaway, katarungan, isang paggalang para sa awtonomya at para sa sambayanan.

Kinikilala nitong Kodigo ng mga Etika ang 9 na pangunahing prinsipyo, ang bawat isa ay isinalimuot sa pamamagitan ng isang serye ng mga anotasyon na karaniwang pinapaliwanag ang mga katangian ng mga prinsipyo; iniaatas nila kung ano ang dapat gawin at hindi dapat gawin ng mga miyembro ng ILTA, o higit pa sa pangkaraniwan kung paano ang nararapat nilang iasal ang kanilang sarili o kung ano ang kanila o ang propesyon, na dapat hangarin; at kinikilala nila ang mga kahirapan at mga pagbubukod na likas sa pagpapairal ng mga prinsipyo. Ang mga Anotasyon ay higit pang isinasalimuot ang mga pagpapatibay ng Kodigo, na nagpapaliwanag na ang kabiguan pagtataguyod ng Kodigo ay maaaring magkaroon ng mga malubhang parusa, tulad ng pagbawi sa pagiging miyembro sa ILTA sa payo ng Komite ng mga Etika sa ILTA. Bagaman ang Kodigo na ito ay mula sa iba pang katulad na mga kodigo ng etika (lumalawak pabalik sa kasaysayan), nagsisisikap itong ipakita ang patuloy na pagbabago ng balanse ng sosyal at ng kulturang kahalagahan sa buong mundo, at para sa ganoong kadahilanan na dapat ipaliwanag ng mga tagasubok ng wika kasabay ng kaugnay na Kodigo sa Pagsasanay.

Dapat ipaalam ng lahat ng mga propesyonal na kodigo ang propesyonal na budhi at paghatol. Itong Kodigo ng mga Etika ng ILTA ay hindi inilalabas ang mga tagasubok ng wika sa mga obligasyon at mga responsibilidad na inilatag sa kanila ng ibang mga Kodigo na kung saan sila

# Kodigo ng mga Etika

ay sumang-ayon o mula sa kanilang mga tungkulin sa ilalim ng legal na mga kodigo, kapwa pambansa at pandaigdig, na kung saan sila nasasaklaw.

Ang mga tagasubok ng wika ay mga malayang ahente ng moralidad at kung minsan ay maaaring magkaroon sila ng personal na moral na paninindigan na sumasalungat sa

pakikilahok sa ilang mga pamamaraan. Sila ay may karapatan sa moralidad na tumagging lumahok sa mga pamamaraan na lumalabag sa pansariling paniniwala sa moralidad. Ang mga tagasubok ng wika na tumatanggap ng mga posisyon sa trabaho kung saan na kanilang nakikita, maaari silang matawag upang maging kasangkot sa mga sitwasyon na kakaiba sa kanilang mga paniniwala ay may pananagutan na ipabatid sa kanilang tagapag-empleyo o inaasahang tagapag-empleyo tungkol sa katotohanang ito. Ang mga tagapag-empleyo at ang mga kasamahan ay mayroong pananagutan na tiyakin na ang mga naturang tagasubok ng wika ay hindi naapi sa kanilang lugar ng trabaho.

Ang Kodigo ng mga Etika ay binigyan ng halimbawa ng Kodigo ng Pagsasanay (kasalukuyang nasa ilalim ng paghahanda ng ILTA). Habang ang Kodigo ng mga Etika ay nakatuon sa mga moralidad at mga mithiin ng propesyon, kinikilala ng Kodigo ng Pagsasanay ang mga pinakamababang kinakailangan para sa pagsasanay ng propesyon at nakatutok sa paglilinaw ng propesyonal na maling pag-uugali at hindi propesyonal na pag-uugali.

Kailangan ng kapwa Kodigo ng mga Etika at Kodigo ng Pagsasanay na tumugon sa mga pangangailangan at mga pagbabago sa loob ng propesyon at, sa oras, ang mga Kodigong ito ay mangangailangan ng rebisyon bilang tugon sa mga pagbabago sa pagsusubok sa wika at sa lipunan. Ang Kodigo ng mga Etika ay susuriin sa loob ng limang taon, o mas maaga kung kinakailangan.

## Prinsipyo 1

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat magkaroon ng paggalang sa sangkatauhan at dignidad sa bawat isa sa mga tagakuha ng pagsubok. Nararapat nilang ibigay sa kanila ang pinakamahusay na posibleng propesyonal na pagsasaalang-alang at nararapat na igalang ang lahat ng mga pangangailangan ng mga tao, mga kahalagahan at mga kultura sa pagkakaloob ng kanilang serbisyo sa pagsusubok sa wika.

## Anotasyon

# Kodigo ng mga Etika

- Ang mga tagasubok ng wika ay hindi dapat na magpakita ng diskriminasyon laban sa o kasangkapanin ang kanilang mga tagakuha ng pagsubok sa mga batayan ng edad, kasarian, lahi, etniko, oryentasyong sekswal, karanasan sa wika, paniniwala, mga kaanib sa pulitika o relihiyon, o sadyang nagpapataw ng kanilang sariling mga kahalagahan (halimbawa, panlipunan, espiritwal, pampulitika at ideolohikal), hanggang sa lawak na alam nila ang mga ito.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na hindi kailanman kasangkapanin ang kanilang mga kliyente o subukang hikayatin sila sa mga kaparaanang hindi kaugnay sa mga layunin ng serbisyo na kanilang ibinibigay o sa kanilang binubuong pagsisiyasat.
- Ang mga relasyon na sekswal sa pagitan ng mga tagasubok ng wika at ang kanilang mga taong kumukuha ng pagsubok ay palaging hindi tama.
- Ang pagtuturo at pananaliksik ng pagsusubok sa wika kasangkot ang paggamit ng mga tagakuha ng pagsubok (kasama ang mga mag-aaral) ay nangangailangan ng kanilang pahintulot; NANGANGAILANGAN DIN ITO ng paggalang para sa kanilang dignidad at pang sarilinan. Dapat ipaalam sa mga kasangkot na ang kanilang pagtanggap makilahok ay hindi maaapektuhan ang kalidad ng serbisyo ng tagasubok ng wika (sa pagtuturo, sa pananaliksik, sa pag-unlad, sa administrasyon). ANG PAGGAMIT NG lahat ng anyo ng medya (papel, elektroniko, bidyo, odyo) na kasangkot ang mga tagakuha ng pagsubok ay nangangailangan ng may-kaalamang pahintulot bago magamit para sa pangalawang mga layunin.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na magsikap na ipaalam ang kabatiran na kanilang ginagawa sa lahat ng kaugnay na mga namumuhunan sa hanggat maaaring makabuluhang kaparaanan.
- Hanggat maaari, dapat konsultahin ang mga tagakuha ng pagsubok sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa kanilang mga kapakanan.

## Prinsipyo 2

Ang mga tagasubok ng wika ang dapat na humawak ng lahat ng kabatiran na nakuha sa kanilang propesyonal na kakayahan tungkol sa kanilang mga tagakuha ng pagsubok ng may pagtitiwala at dapat silang gumamit ng propesyonal na hatol sa pagbabahagi ng naturang kabatiran.

## Anotasyon

- Sa harap ng malawakang paggamit na mga kinopyang materyales at internet , mga nakatalang pagsubok sa kompyuter at mga bangko ng datos, ang pagdami ng kahilingan para

# Kodigo ng mga Etika

sa pananagutan mula sa iba't ibang mga mapagkukunan at personal na katangian ng kabatiran na nakuha mula sa mga tagakuha ng pagsubok, ang mga tagasubok ng wika ay obligadong galangin ang mga karapatan ng mga tagakuha ng pagsubok sa pagiging kumpidensyal at pangalagaan ang lahat ng kabatiran na kaugnay sa relasyon ng tagasubok at tagakuha ng pagsubok.

- Ang pagiging kompidensyal ay hindi ganap, lalo na kung saan tinutukoy ng mga tala ang mga mag-aaral na maaaring nakikipagkumpitensya para sa mga pagtanggap at mga katungkulan. Ang maingat na balanse ay dapat na panatilihin sa pagitan ng pagpapanatili ng pagiging kompidensyal bilang isang pangunahing anggulo ng propesyonal na tungkulin ng tagasubok ng wika at ang mas malawak na panagutan ng tagasubok sa lipunan.
- Katulad din, sa angkop na mga kaso, ang mga propesyonal na kasamahan ng mga tagasubok ng wika ay mayroon ding karapatan na makita ang mga datos ng mga tagakuha ng pagsubok maliban sa kanilang sariling datos upang mapabuti ang serbisyo na inaalok ng propesyon. Sa ganoong mga kaso, ang mga napahintulatang makita ang mga datos ay dapat na sumang-ayon na panatilihin ang pagiging kompidensyal.
- Ang datos ng tagakuha ng pagsubok na nalikom mula sa mga pinagkukunan maliban sa direkta mula sa tagakuha ng pagsubok (halimbawa mula sa mga guro ng mga mag-aaral na nasa ilalim ng pagsubok) ay nasasakop sa katulad na mga prinsipyo ng pagiging kompidensyal.
- Maaaring may mga kinakailangan ayon sa batas sa pagsisiwalat, halimbawa kung saan ang tagasubok ng wika ay tinatawag bilang ekspertong saksi sa isang batasang hukuman o husgado. Sa ganoong mga kalagayan, ang tagasubok ng wika ay ikakalas mula sa kanyang propesyonal na tungkulin sa pagiging kompidensyal.

## Prinsipyo 3

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na sumunod sa lahat ng may-katuturang etikal na mga prinsipyo na nakatawanin sa pambansa at pandaigdigang mga alituntunin kapag nagsasagawa ng anumang pagsubok, eksperimento, pakikitungo, o iba pang aktibidad ng pananaliksik.

## Anotasyon

- Ang pagsusulong ng pagsubok sa wika ay depende sa pananaliksik, na kinakailangang kasangkot ang pakikilahok ng mga tauhan. Ang pananaliksik na ito ay nararapat na sumunod sa mga karaniwang tinatanggap na mga prinsipyo ng akademikang pagtatanong, batay sa masusing kaalaman ng propesyonal na panitikan at iplano at isagawa ayon sa pinakamataas na mga pamantayan.

# Kodigo ng mga Etika

- Lahat ng pananaliksik ay dapat na makatwiran; alalaong baga, ang iminungkahing mga pag-aaral ay dapat na makatwirang inaasahan na magbigay ng mga kasagutan sa mga katanungang iminungkahi.
- Ang mga karapatang pantao ng tauhan ng pananaliksik ay dapat na laging higit sa mga interes ng agham o lipunan.
- Kung saan may mga posibleng kakulangan sa ginhawa o panganib sa tauhan ng pananaliksik, ang mga kapakinabangan ng pananaliksik na iyon ay dapat na isaalang-alang ngunit hindi dapat gamitin para sa kanilang sarili upang bigyang-katwiran ang mga naturang kakulangan sa ginhawa o mga panganib. Kung magaganap ang mga hindi inaasahang nakakapinsalang mga epekto, ang pananaliksik ay dapat na palaging itigil o baguhin.
- Dapat suriin ng isang malayang Komite sa Etika ang lahat ng mga panukalang pananaliksik upang matiyak na ang mga pag-aaral ay sumusunod sa pinakamataas na makaagham at etikal na mga pamantayan.
- Ang nauugnay na kabatiran tungkol sa mga layunin, mga pamamaraan, mga panganib at mga kakulangan sa ginhawa ng pananaliksik ay dapat na ibigay ng maaga sa tauhan. Ang kabatiran ay dapat na maihatid sa kaparaanang ito ay ganap na muunawaan. Ang pahintulot ay dapat na maging malaya, walang presyon, pamimilit o pagpighati.
- Nararapat na ang tauhan ay malayang tumanggi na lumahok sa o bumawi sa, pananaliksik sa anumang oras bago ang paglalathala ng mga resulta ng pananaliksik. Ang naturang pagtanggap ay dapat na hindi mamiligro ang pakikitungo sa tauhan.
- Bukod tanging pangangalaga ay dapat na gawin tungkol sa pagkuha ng naunang pahintulot sa kaso ng mga tauhan na nakasalalay sa mga relasyon (halimbawa, mga mag-aaral, mga matatanda, mga mag-aaral na may kahirapan sa kasanayan).
- Sa kaso ng isang wala pa sa hustong gulang, ang pahintulot ay dapat makuha mula sa isang magulang o tagapag-alaga ngunit mula sa bata rin kung siya ay may sapat na kapanahunan at pang-unawa.
- Ang kumpidensyal na kabatiran na nakuha sa pananaliksik ay hindi dapat gamitin para sa mga layunin maliban sa MGA tinukoy sa naaprubahang protokol ng pananaliksik.
- Ang paglalathala ng mga resulta ng pananaliksik ay nararapat na totoo at wasto.
- Ang paglalathala ng mga ulat ng pananaliksik ay hindi nararapat na pahintulutan ang pagkakakilanlan ng mga tauhan na nasangkot.

## Prinsipyo 4

Ang mga tagasubok ng wika ay hindi nararapat na pahintulutan ang maling paggamit ng kanilang mga propesyonal na kaalaman o kakayahan, hangga't kaya nila.

# Kodigo ng mga Etika

## Anotasyon

- Ang mga tagasubok ng wika ay hindi dapat na sadyang gamitin ang kanilang mga propesyonal na kaalaman o kakayahan upang maisulong ang mga layuning labag sa mga interes ng mga tagakuha ng pagsubok. Kapag ang pag-unlad ng pamamagitan ng tagasubok ay hindi direkta sa benepisyo sa mga tagakuha ng pagsubok (halimbawa kapag sila ay nahilingang kumilos bilang mga tauhan sa pagsubok sa isang pagsubok ng kasanayan na idinisenyo para sa ibang sitwasyon), ang kalikasan nito ay dapat na gawing ganap na malinaw.
- Ang hindi pagsang-ayon sa mga umiiral na moralidad ng lipunan, ang mga kahalagahan ng pang relihiyon, o kalagayan bilang hindi kanais-nais na migrante, ay hindi dapat na maging pagtukoy ng kadahilanan sa pagtatasa ng kakayahan sa wika.
- Kung ano ang mga legal na mga kalagayan, ang mga tagasubok ng wika ay hindi dapat lumahok, alinman sa direkta o hindi direkta sa pagsasagawa ng labis na pagpapahirap o iba pang mga anyo ng malupit, di-makatao o nanghihiyang parusa.

(Tingnan ang Deklarasyon ng Tokyo 1975).

## Prinsipyo 5

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na ipatuloy ang pagbubuo ng kanilang propesyonal na kaalaman, ang pagbabahagi ng kaalaman na ito sa mga kasamahan at iba pang mga propesyonal sa wika.

## Anotasyon

- Ang patuloy na pag-aaral at pagsulong ng kaalaman ng isa ay saligan sa propesyonal na tungkulin; ang kabiguang gawin ito ay bumubuo ng isang masamang paglilingkod sa mga tagakuha ng pagsubok.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na gumamit ng iba't-ibang mga pamamaraan ng patuloy na edukasyon na magagamit sa kanila. Maaaring kasangkot ng mga ito ang pakikilahok sa patuloy na mga programa sa pagsusubok sa wika at mga kumperensyang pampropesyonal at ang palagiang pagbabasa ng may katuturang mga propesyonal na publikasyon.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na kuhanin ang pagkakataon na makipag-ugnayan sa mga kasamahan at iba pang may katuturang mga propesyonal sa wika bilang isang mahalagang paraan ng pagbuo ng kanilang propesyonal na kaalaman.

# Kodigo ng mga Etika

- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na ibahagi ang bagong kaalaman sa mga kasamahan sa pamamagitan ng paglalathala sa mga kinikilalang propesyonal na mga talaarawan o sa mga pulong.
- Ang mga tagasubok ng wika ay inaasahang mag-ambag sa edukasyon at propesyonal na pag-unlad ng mga tagasubok ng wika na nagsasanay at sa pagguhit ng mga patnubay para sa mga pangunahing pangangailangan ng pagsasanay na iyon.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na maging handa na mag-ambag sa edukasyon ng mga mag-aaral sa MAS MALAWAK na mga propesyon ng wika.

## Prinsipyo 6

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na ibahagi ang responsibilidad ng pagtataguyod ng integridad ng propesyon sa pagsusubok sa wika.

## Anotasyon

- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na itaguyod at pahasayin ang integridad ng kanilang propesyon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pakiramdam ng pagtitiwala at kapwa responsibilidad ng mga kasamahan. Sa kaganapan ng mga pagkakaiba ng opinyon, ang mga pananaw ay dapat na ipahayag na may katapatan at paggalang sa halip na sa pamamagitan ng kapwa pagtangga.
- Ang mga tagasubok ng wika ay bumubuo at nagsasanay ng mga pamantayan sa ngalan ng lipunan. Tulad nito, ang sa kanila ay isang pribilehiyong posisyon na nagdadala dito ng obligasyon na panatilihin ang naaangkop na personal at moral na pamantayan sa kanilang propesyonal na kasanayan, at sa mga aspetong iyon ng kanilang personal na buhay na maaaring sumailamin sa integridad ng pagsasanay na iyon.
- Ang mga tagasubok ng wika na magkaroon ng kamalayan ng hindi propesyonal na pag-uugali ng isang kasamahan ay dapat na gumawa ng naaangkop na aksyon; ito ay maaaring magsama ng isang ulat sa may katuturang mga awtoridad.
- Ang kabiguang pagtaguyod nitong Kodigo ng mga Etika ay ituturing na lubos na kabigatan at maaaring humantong sa mga malubhang kaparusahan kabilang ang pagbawi ng pagiging miyembro ng ILTA.

## Prinsipyo 7

# Kodigo ng mga Etika

Ang mga tagasubok ng wika sa kanilang mga tungkuling panlipunan ay dapat na magsikap na mapabuti ang kalidad ng mga pagsusubok sa wika, mga serbisyo sa pagtatasa at pagtuturo, itaguyod ang makatarungang paglalaan ng mga serbisyong iyon at mag-ambag sa edukasyon ng lipunan tungkol sa pag-aaral ng wika at kasanayan sa wika.

## Anotasyon

- Ang mga tagasubok ng wika ay may natatanging tungkulin na itaguyod ang pagpapabuti ng probisyon/serbisyo sa pagsusubok sa wika sa dahilang karamihan sa kanilang mga tagakuha ng pagsubok ay hindi nabigyan ng karapatang makaboto at kakulangan ng kapangyarihan dahil sa katayuan nilang di-katutubong pagsasalita ng wika.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat nakahanda sa pamamagitan ng kabutihan ng kanilang kaalaman at karanasan na payuhan ang mga responsable para sa pagkakaloob ng mga serbisyo ng pagsusubok sa wika.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na maging handa na kumilos bilang tagapagtaguyod at sumali sa iba sa pagtiyak na ang mga tagakuha ng pagsubok ng pagsusubok ng wika ay mayroong pinakamahasag na posibleng serbisyo ng pagsusubok ng wika na kanilang magagamit.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na nakahanda na magtrabaho kasama ang mga kinatawang tagapayo, may takda ng batas, may kusa at pangkalakal na kinatawan na may kagampanan sa tadhana ng mga serbisyo sa pagsusulit ng wika.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat gumawa ng angkop na pagkilos kung ang mga serbisyo, ng dahil sa piskal na paghihigpit o kung hindi man, ay bumaba sa ibaba ng mga pamantayan. Gayunpaman, ang mga tagasubok ng wika ay maaaring itiwag ang kanilang mga sarili mula sa gayong mga ibinigay na serbisyo na ito ay hindi nakakapinsala sa kanilang mga tagakuha ng pagsubok.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na nakahanda na magbigay-pakahulugan at kahihinatnan ang may-katurang kabatiran sa agham at itatag ang propesyonal na mga opinyon sa lipunan. Sa paggawa nito, ang mga tagasubok ng wika ay dapat na linawin ang kanilang kalagayan bilang mga tagapagsalita para sa isang kinikilalang propesyonal na kinatawan o hindi. Kung ang mga pananaw na ipinahayag ay salungat sa mga karaniwang gaganapin, dapat nilang ipahiwatig ito.
- Makatuwiran para sa mga tagasubok ng wika na gumawa ng mga siyentipikong patibayang kontribusyon sa pampulitikong pagtatalo tungkol sa mga sensitibong sosyo-pulitikal na isyu, katulad ng lahi, kawalan at pagpapalaki ng bata.



# Kodigo ng mga Etika

- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na ikaiba sa pagitan ng kanilang tungkulin bilang mga tagapagturo batay sa propesyonal na kaalaman at ang kanilang tungkulin bilang mga mamamayan.
- Sa pagtupad sa kanilang mga pananagutan sa ilalim ng prinsipyong ito, ang mga tagasubok ng wika ay dapat na mag-ingat upang maiwasan ang sariling pagtataguyod at ang pagtanggig sa mga kasamahan.
- Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na ipaliwanag na hindi nila inaangkin (at hindi sila nakikitang umaangkin) na sila lamang ang nagtataglay ng lahat na may katuturang kaalaman.

## Prinsipyo 8

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na maging maingat sa kanilang mga obligasyon sa lipunan sa loob ng kanilang pinagtrabahuhan, habang kinikilala na ang mga obligasyong iyon ay kung minsan na maaaring sumalungat sa kanilang mga responsibilidad sa kanilang mga tagakuha ng pagsubok at sa iba pang namumuhunan.

## Anotasyon

- Kapag ang mga resulta ng pagsubok ay nakuha sa ngalan ng institusyon (mga kagawaran ng pamahalaan, mga propesyonal na kinatawan, mga unibersidad, mga paaralan, mga kumpanya) ang mga tagasubok ng wika ay may obligasyon na mag-ulat ng mga resultang iyon na may katumpakan, kahit na gaano pa man sila ay maaring hindi kagiliwan sa mga tagakuha ng pagsubok at iba pang mga namumuhunan (mga pamilya, malamang na mga tagapag-empleyo at iba pa).
- Bilang mga kasapi ng lipunan na kung saan sila nagtrabaho, dapat kilalanin ng mga tagasubok ng wika ang kanilang obligasyon sa mga kinakailangan sa pagsubok ng lipunang iyon, kahit na maaari silang hindi sumangyon sa mga iyon. Kung ang kanilang hindi pagkakasundo ay may sapat na lakas upang maging karapat-dapat bilang isang matapat na pagtutol, dapat silang magkaroon ng karapatang bawiin ang kanilang propesyonal na mga serbisyo.

# Kodigo ng mga Etika

## Prinsipyo 9

Ang mga tagasubok ng wika ay dapat na palagiang isinasaalang-alang ang potensyal na mga epekto, kapwa maikli at mahabang panahon sa lahat ng mga namumuhanan sa kanilang mga proyekto, na itinutustos ang karapatang pigilin ang kanilang propesyonal na mga serbisyo sa batayan ng budhi.

## Anotasyon

- Bilang mga propesyonal, ang mga tagasubok ng wika ay may pananagutan na suriin ang etikal na mga kahihinatnan ng mga proyektong binigay sa kanila. Habang hindi nila maaaring isaalang-alang ang lahat ng posibleng mga kaganapan, dapat silang makisali sa masusing pagsusuri ng mga posibleng kahihinatnan at kung saan ang mga kahihinatnan na iyon ay sa kanilang pagtingin ay propesyonal na hindi katanggap-tanggap, bawiin ang kanilang mga serbisyo. Sa ganoong mga kaso, sila ay dapat bilang isang bagay ng kurso na kumunsulta sa mga kapwa tagasubok ng wika upang matukoy kung gaano kadami ibinabahagi ang kanilang pananaw, palaging itinutustos ang karapatan, kung saan ang kanilang mga kasamahan ay may ibang pananaw, upang makagawa ng isang indibidwal na tumayo sa mga batayan ng budhi.

© Copyright ILTA